

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

# *FACT SHEET:* ***Real Estate***

## Blossom Hill Station Joint Development




### Pangkalahatang ideya

Ang Blossom Station ay isang real estate na ari-arian ng VTA na magagamit para sa mga pagpapaunlad sa hinaharap. Ang 7.59 ektaryang ari-arian na matatagpuan sa kahabaan ng Blossom Hill Road na nasa Canoas Creek sa San Jose. Sa kasalukuyan, ang ari-ariang ito ay nagsisilbing Park & Ride lot para sa Light Rail at mga pampasaherong Bus.

Ang Joint Development ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipal at pribadong mga kasosyo para magpasigla ng pagpapaunlad ng pabahay, negosyo, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong para dumami ang mga sumasakay sa mga transit at makapag-ambag sa sigla ng komunidad. Kasama sa mga kahilingan ng Joint Development ng VTA ang 20% ng pabahay sa isang partikular na site ay dapat abot-kaya.

### Mga Layunin

- Sinisimulan ng VTA ang paghahanda ng site na ito para sa mga pagpapaunlad sa hinaharap, sinisimulan sa pakikipag-usap sa komunidad tungkol sa mga planong nito
- Padaliin ang Transit-Oriented Development (TOD)
- Paramihin ang mixed-use development, kasama na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon

*Pagpapatuloy*

- Makapaglaan ng mga oportunidad na trabaho na malapit sa transit
- Palakihin ang pangmatagalang pagpasok ng kabayaran para sa mga operasyon ng transit

## Mga Resulta

- Kaginhawahan buhat sa trapiko
- Malinis na hangin
- Pabahay at mga trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Paramihin ang mga sumasakay sa pampublikong transit

## Mga Pakinabang sa Transit-Oriented Development

- Mga Pakinabang sa Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Pagbaba sa Pagasa sa Sasakyan – Ang mga residente sa TOD ay may mas kaunting pangangailangan sa paradahan
- Natutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay – Nakakatulong sa paglutas sa mga panrehiyong krisis sa pabahay
- “Economic Competitiveness” – Ang mga lokasyon sa TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Pampamayan at Pampiskal na mga Pakinabang – Ang TOD ay maaaring magdulot ng malaki-laking katipiran sa mga sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay mas kaunti ang nagagastos sa transportasyon)

## Mga Kasalukuyang Aktibidad

Nakikipagtulungan ang VTA sa Lungsod ng San Jose at sa komunidad para planuhin ang espasyo para ang mga tao ay makapanirahan at makapagtrabaho malapit sa pampublikong transportasyon. Ang TOD sa mga lokasyong ito ay magpapangyaring maganap ang mixed-use development sa site (residensyal at komersyal).

## Eskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

Ang VTA ay walang iminungkahing espesipikong proyekto o timeline sa ngayon para sa mga pagpapaunlad sa hinaharap.

## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Maaari ka ring bumisita sa amin sa *www.vta.org/blossomhilldevelopment*, o e-mail kami sa *community.outreach@vta.org*.